Alberta

Palabas na **balita**

# Ang mga Albertan na may mahinang sistemang panlaban sa sakit ay karapat-dapat para sa ikaapat na dosis

Enero 18, 2021

## Mahigit 80,000 mga Albertan ang malapit nang makatanggap ng ika-apat na dosis ng bakuna sa COVID-19 upang palakasin ang kaligtasan sa sakit.

Alinsunod sa mga rekomendasyon mula sa Pambansang Komite ng Tagapagpayo sa Pagbabakuna [National Advisory Committee on Immunization (NACI)] at Komite ng Tagapagpayo ng Alberta sa Pagbabakuna [Alberta Advisory Committee on Immunization (AACI)], ang mga indibidwal na may edad na 18 taong gulang at mas matanda na may partikular na mahinang panlaban sa sakit na kondisyon ay maaaring makatanggap ng pampalakas (booster) limang buwan pagkatapos matanggap ang kanilang ikatlong dosis.

Simula sa Enero 20, ang mga kuwalipikadong indibidwal ay maaaring gumawa ng mga tipanan para sa ikaapat na dosis sa online sa AHS at mga kalahok na mga parmasya sa pamamagitan ng paggamit ng booking system ng Alberta vaccine o sa pamamagitan ng pagtawag sa 811.

## Mga Kondisyon sa Pagiging Kuwalipikado

Ang mga kondisyon na nagpapahina ng panlaban sa sakit na nagkukuwalipika sa mga nasa hustong gulang na 18 taong gulang at mas matanda para sa ikaapat na dosis ng hindi bababa sa limang buwan pagkatapos ng ikatlong dosis ay kinabibilangan ng:

- Mga tumatanggap ng transplant, kabilang ang mga solidong paglilipat ng organ at hematopoietic stem cell transplant.
- Mga indibidwal na may malignant hematologic na karamdaman at hindi hematologic malignant na solidong tumor bago tumanggap o tumatanggap ng aktibong paggamot (chemotherapy, naka-target na mga therapy, immunotherapy o nakatanggap ng mga nakaraang bakuna sa COVID-19 habang nasa aktibong paggamot), hindi kasama ang mga indibidwal na tumatanggap lamang ng hormonal therapy, radiation therapy o isang interbensyon ng pag-oopera.
- Mga indibidwal na ginagamot ng anti-CD20 monoclonal antibody gaya ng Rituximab.
- Mga indibidwal na may malalang sakit sa bato na nasa dialysis.

Classification: Public

- Mga tumatanggap ng chimeric antigen receptor (CAR)-T-cell therapy.
- Mga indibidwal na may katamtaman hanggang malubhang pangunahing immunodeficiency (hal., DiGeorge syndrome, Wiskott-Aldrich syndrome).
- Mga indibidwal na may Yugto 3 o masulong na impeksyon sa HIV at mga may nakuhang pagbabakuna sa COVID-19.
- Mga indibidwal na sumasailalim sa mga immunosuppressive na therapy (hal., mga anti-B cell therapies, mataas na dosis na sistemikong corticosteroids, alkylating na ahente, antimetabolites, o tumornecrosis factor (TNF) inhibitors at iba pang biologic na ahente).
- Mga indibidwal sa ilang partikular na gamot para sa mga sakit na autoimmune, kabilang ang rituximab, ocrelizumab at ofatumumab.

Ang mga kabataang edad na 12 taong gulang hanggang 17 taong gulang na may mga naunang kundisyon ay patuloy na karapat-dapat para sa mga ikatlong dosis. Ang pang-apat na dosis ay hindi pa naaprubahan para sa pangkat ng edad na ito.

Ang mga ikatlong dosis ay hindi naaprubahan para sa mga kabataan sa ilalim ng edad na 18 taong gulang.

## Mga tipanan para sa mga karagdagang dosis

Maaaring gumawa ng mga tipanan ang mga kwalipikadong Albertan sa online para sa AHS o mga kalahok na parmasya sa pamamagitan ng paggamit ng one-stop na sistemang paggawa ng tipanan sa alberta.ca/vaccine. Ang mga Albertan ay maaari ding gumawa ng tipanan sa pamamagitan ng pagtawag sa 811 o mga lumalahok na parmasya.

Para sa iskedyul at mga lokasyon, bisitahin ang ahs.ca/vaccine.

## Kaugnay na impormasyon

- Gumawa ng iyong tipanan para sa bakuna sa COVID-19

## Mga katanungan sa media

Steve Buick

780-288-1735
Nakatataas na Kalihim ng Press, Kalusugan